**Tinig**

OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH

* VOLUME 2, ISSUE 7 * AUGUST 1-31, 2014 * 101 E. MENDOZA ST., BUTING, PASIG CITY *

# PINAGALING AKO NG DIYOS, BAKIT?

Fr. Joeffrey Brian V. Catuiran, JCL



Malimit tayong makarinig ng himala. Pero bakit hindi ito minsan epektibo sa atin? Bakit okay sa iba, sa akin hindi? Saan ako nagkulang? Anong paghahanda ang kailangan kong gawin?

Ang totoong nagpapagaling ay ang Diyos. Ang pari, madre o isang laiko ay instrumento lamang. Sila ay binigyan ng Diyos ng kapangyarihang magpagaling. Maraming kaloob ang Espiritu. Ang magpagaling ay hindi hiwalay sa biyaya ng Espiritu Santo.

*"Iba't-iba ang mga espiritwal na kaloob, ngunit iisa lamang ang Espiritung nagkakaloob ng mga ito. Iba't-iba ang paraan ng paglilingkod, ngunit iisa lamang ang Panginoong pinaglilingkuran. Iba't- iba ang mga gawaing iniatas, ngunit iisa lamang ang Diyos na kumikilos sa mga taong gumagawa ng mga iyon. Para sa ikabubuti ng lahat, ang bawat isa'y binigyan ng kaloob na nagpapakitang nasa kanya ang Espiritu (1 Corinto 12:4-7).*

Kadalasan, ang mga dumadalo sa isang Misa o kaya "Healing Mass" na nakasanayang tawagin ay parang "spectators" lamang. (Bagamat lahat ng Misa, kung tayo ay nakikiisa ng may buo na puso, katapatan ng isip at diwa, at aktibo na pakikipagkaisa sa banal na pagdiriwang ay tunay na nagpapagaling). Kung tayo ay tagamasid lamang, kadalasan ang mga tanong na naglalaro sa ating isipan ay: "Ano kaya ang mangyayari? May hihimatayin ba? May gagaling kaya? Totoo ba na ang bulag ay makakakita at ang pilay ay makalalakad?" Sa pagiging "spectators" minsan nakakaligtaang maghanda. Nakalimutan na ang sarili ay kabahagi pala ng pagdiriwang ng Banal na Misa.

Araw-araw kapag may Misang ipinagdiriwang, naroon ang himala. Nasaan tayo? Ang problema lang ay kulang minsan tayo sa pananalig. Nakakalimot na ang Misa ay isang dasal kasama ang Diyos; hindi isang palabas o kaya parang "showtime" na ang hangad ay magpa-aliw. Ang pakay ng Misa ay maging banal tayong lahat at matanggap ang grasya mula sa Altar ng Diyos. Ang Misa ay sagrado, kinakailangan ng pag-alaala (remembering) ng ginawa ng Diyos para sa ating lahat. Maikintal sa ating isipan na naroon ang Panginoon sa Banal na Misa, kasama natin, nakikiisa. Si Kristo mismo ay nariyan sa Banal na Misa. Dapat nating pahalagahan ito.

May iskedyul nga tayo ng mga Misa sa parokya at ganoon din sa mga ibat-ibang mga kawan na sakop ng ating parokya. Pero iilan lang ba talaga ang dumadalo at nais mapabilang dito? Pinapansin ba natin ito, o yaong ugali na sila na lang muna, saka na lang ako. Papaano tayo makakapagbigay ng mabuting halimbawa kung tayo mismong mga miyembro ng isang samahan sa simbahan ay ayaw makisali? Bakit ayaw mapabilang? Dahil hindi tayo lider sa kawan o sa isang samahan kaya hayaan muna sila diyan. O baka naman may mga positibong bagay na dapat din ayusin sa nagpapatakbo ng samahan o kawan para lalong mapasigla ang pakikisapi ng ating mga parokyano. Halimbawa, pagbibigay ng tamang impormasyon or "advance notice" sa mga kasapi para maraming makadalo sa banal na Misa. O kaya kailangan pa ng karagdagang "effort" upang mapasigla ang samahan o kawan, madagdagan ang miyembro at maging aktibo. Ang mga ito ay tanda ng pagpapagaling ni Hesus! Kung itong mga tanda ay hindi nakikita o patuloy pang isinasagawa, ito ay isang hamon para sa atin kung ano pa ang mga bagay na dapat gagawin para lalong sumigla ang pakikilahok ng ating parokya.

Ang mga pinagaling ni Kristo sa Misa ay may ugaling positibo. Gumagawa ng tama at hindi naghihintay ng kapalit. Nais mong maging dakila? Maglingkod! Nais mong maging una sa lahat? Magpakababa ka! Kailan pa natin gawin ito? Kapag tayo ay nasa banig na ng karamdaman? Sabi nga, habang may panahon pa, magbago na!

Kaya kapag ang isang Kristiyanong Katoliko ay mulat sa totoong katotohanan at pinagaling na ni Hesus, hindi mapanghanap kung ano ang wala, hindi mapagpuna ng kamalian ng iba bagkus pinapalago ang kanyang personal na pananampalataya sa Diyos; hangad niya maging banal. Hindi itinutuon sa mga walang kuwentang bagay bagkus mga bagay na makalangit. Sa kabilang banda, makikita sa isang tao ang hilaw na pananampalataya kung siya ay ubod ng reklamo, hindi masaya kung naglilingkod, walang magaling kundi ang sarili, nagdarasal pero lutang ang isip, balisa at madamot. Kaya kung nais mong mapagaling ng Diyos, tatlong bagay ang dapat gawin: magsisi sa kasalanan (mangumpisal), magtiwala sa Diyos (trust in God) at higit sa lahat magpasyang magbagong buhay (righteous life). Tunay nga na mapapagpagaling ang Diyos kung tayo ay nakikiisa sa Kanyang kalooban!

## I WAS HEALED – not only me, but also YOU! - *Rowell Anne Santos*

Last August 9, 2014, Saturday, parishioners of San Guillermo Parish were very fortunate to attend a Healing Mass presided by Rev. Fr. Jolito Marterior, OSJ. Si Fr. Lito ay mula sa Davao at siya ay isa sa mga pinakakilalang healing priests sa bansa. Magaling siya, though hindi masyado diretso ang pagsasalita ng Tagalog. Lector ako noong misang yun. At first, my perception of a healing mass ay para lamang sa mga may sakit, kasi nga "healing" eh. Sabi ko pa nga sa kasama ko, si Sis. Nora na siya na lang ang mag-commentator kasi hindi pa ako sanay. It was my first time to attend a healing mass. Ang tanong ko pa nga, "Meron bang mga nahihimatay? Meron bang tutumba or baka mamaya ay mayroong sapian." Baka kasi mataranta ako at 'di malaman ang gagawin. Baka mamaya ako pa ang mahimatay. Bago magsimula, naramdaman ko ang mataimtim na pagdarasal ni Fr. Lito. Para bagang tinatawag niya ang Espiritu Santo na bumaba sa kanya, ayaw pa niyang buksan ang kanyang mga mata hangga't hindi pa nagsisimula ang pambungad na awit. Nagsimula ang misa kasama si Fr. Ferdie Jaud, OSJ, na siyang tagapagsalita ni Fr. Lito. Dumating na sa punto ng healing. Kinabahan ako kasi pinaghawak-hawak kamay niya lahat. Akala ko hindi ako kasali kasi nga I thought para lang 'to sa mga "may sakit". Sabi ni Fr. Lito hawakan daw ang kamay ng katabi, kailangan daw ay dugtung-dugtong ang lahat ng kasama sa healing mass. Pinapikit kami. Habang siya ay nagdarasal at habang siya'y umiikot sa bawat isa. May kasalanan nga ako sa kanya, kasi sumisilip ako sa pagkakapikit. Hindi ko na kasi alam kung ano ang nangyayari sa paligid ko. Pero ilang segundo lang ng pagsilip eh pumikit na ulit ako. Maya maya, naramdaman ko na naluluha na ang katabi ko. Kinabahan na naman ako, nahihiya rin naman ako na lumuha. Eto na, hinawakan niya ang kamay ko. Bigla akong napaluha.

- - - -/pg.3

## OUR PARISH

**REV. FR. JOEFFREY BRIAN V. CATUIRAN**
Parish Priest

**SCHEDULE OF MASSES:**
**-SAN GUILLERMO PARISH**
**DAILY MASS (Tagalog):**
Mondays—6:00AM / Tuesdays—6:00PM
Wednesdays—6:00AM & 6:00PM
Thursdays—6:00PM
Fridays—6:00AM & 6:00PM
Saturdays—6:00AM & 6:00PM (Anticipated Sunday Mass)

**SUNDAY**
Main Parish
6:00AM; 7:15AM (English Mass);
9:00AM; 4:30PM; 6:00PM & 7:30PM

**-CHAPELS-**
**1) San Joaquin Chapel**
Sundays – 7:30 AM and 6:00 PM
**2) St. Francis of Assisi (Lexington)**
(English) Saturdays – 8:00 PM
(English) Sundays – 10:15 AM
**3) Nuestra Señora de Guia (Ulilang Kawayan)**
Sundays – 4:30 PM
First Friday—7:30PM
**4) San Pedro Calungsod (East Mansion)**
3rd Sunday of the Month – 10:30 AM
**5) Grand Monaco Homes—**
every 4th Saturday, 7:30 PM

**SERVICES**
**Confession**
Wednesday & Friday—5:30PM
**Baptism**—Sunday—11:30AM
**Wedding**
Kindly arrange with the parish office two months before the desired date
**Sick Call**—anytime
**Blessing**—by appointment
**Funeral Mass**—by appointment
**Devotions & Novenas**
Monday—Holy Trinity—5:00PM
Tuesday—San Lorenzo Ruiz—5:00PM
Wednesday—Our Lady of Perpetual Help—5:00PM
Thursday—Ina Poon Bato & San Guillermo de Maleval—5:00PM
Friday—Sacred Heart of Jesus– 5:00PM
Holy Hour & Benediction every 1st Friday of the Month—5:00PM
Saturday—Memorial of the Blessed Virgin Mary—6:00AM

**PARISH OFFICE HOURS**
Tuesdays to Sundays
8:00 AM to 5:00 PM

103 E. Mendoza St. Buting, Pasig City, Philippines
Tel No.: (02) 642-8051 / Fax (02) 642-8051
Email: sanguillermodioceseofpasig@yahoo.com
Sgp Buting Dioceseofpasig

Tinig
OFFICIAL NEWSLETTER OF SAN GUILLERMO PARISH

**EDITORIAL STAFF:**
Mina M. Anore, Rowell Anne Santos, Joezel Polintan, Barry Villanueva, Junie Gulle, Kyrie Lababo, Mary Ann Ochoa
**CIRCULATION STAFF:**
Renz Perfenia, Kyrie Lababo, Marck Sumulong, Archie Lao, AJ Esmile Sanchez
**ADVISER:**
Fr. Joeffery Brian Catuiran
**PRINTER:**
R.O. SANTOS

Send your comments, suggestions and feedback / story, photograph and artwork contributions to TINIG @ sgp_media@yahoo.com or to joepol18@yahoo.com.

## KAWAN NI SAN PEDRO CALUNGSOD (EAST MANSION)



Ni: Mina M. Anore at Janet Escarilla

Itinatag noong taong 2013, ang kawan (B.E.C.) sa East Mansion, Bgy. San Joaquin, ang kawan ni San Pedro Calungsod. Mula noon naging aktibo ang nasabing kawan sa ating parokya, sa pamamagitan ng pakikiisa sa mga banal na misa at iba pang mga gawaing simbahan. Sa kanilang kawan mismo, ay may mga gawain na isinasakatuparan: **Holy Rosary at Novena** – Our Mother of Perpetual Help tuwing Miyerkules; **Kawan Mass** – tuwing ika - dalawang martes ng bawat buwan (Parishioners na dumadalo – mahigit kumulang sa 30); **Sunday Mass** – tuwing ika- tatlong linggo ng bawat buwan (Parishioners na dumadalo – mahigit kumulang sa 50 -60); at **Pagpupulong** – bawat buwan

**MGA MUNTING PANGARAP:**

(1) Magkaisa, magmahalan, magkaunawaan, magtulungan at buong siglang ibabahagi sa lahat ang magandang balita ng Panginoon sa salita at sa gawa. (2) Magkabuklod-buklod ang lahat sa ating komunidad at sama-samang magpupuri sa Panginoon sa harap ng Banal na Misa. (3) Maipakilala si Kristo sa mga hindi pa nakakakilala sa Kanya.



**OFFICERS AND MEMBERS:**

| | |
|---|---|
| Coordinator: | Ma. Nenita “Janet” Escarilla |
| Vice Coordinator: | Rhodora “Baby” Luna |
| Secretary | Anna Miguel |
| Treasurer | Cherrypie “Che” Oblepias |
| Advs. | Teresita “Tess” Nieves |
| | Danilo “Danny” Nieves |
| | Elenita “Nitz” Lizardo |
| | Sonny Lizardo |

Members:

| | | |
|---|---|---|
| Carolina “Carol” Cruz | Dennis Miguel | Alex Cruz |
| Virgilio “Gil” Escarilla | Emily Oblepias | Sarah Lopez |

## PERSONALITY IN FOCUS: BRO. RICARDO “BOY” BATO

By: Mary Ann Ochoa



May ngiti sa labi, ningning sa mata, at galak sa puso si Bro. Boy kapag kanyang binabalikan ang lahat ng bagay na kanyang dinaanan at sa pang araw-araw na gawain niya sa Parokya ng San Guillermo. Ipinapalagay niyang siya ay napakapalad at taos-pusong nagpapasalamat sa lahat ng mga pagkakataon na ibinigay sa kanya upang makapaglingkod at lalong mapalapit sa Panginoon.

Isa na siyang biyudo at para sa kanya hawak na niya ang kanyang oras at ito ay iginugugol niya sa mga gawaing simbahan. Karamihan sa mga nakakakilala sa kanya, siya ay madaling lapitan, paki-usapan at laging may kasamang smile ang kanyang pagsisilbi!

Taong 2010, mahal na araw nang maging isa siya sa mga 12 Apostoles sa paanyaya ni Sis Teresita de la Cruz. Inanyayahan siyang maging kasapi din ng Knights of Columbus ng San Guillermo Council 13668 ni Bro Jun Santos noong 2010, at sa kasalukuyan, siya ay 4th Degree Knight na ng Assembly of Dr. Sixto Antonio 1442. Naging kasapi siya ng Extraordinary Ministers of the Holy Communion (EMHC) taong 2011 sa paanyaya ni Bro. Jun Baptista at hanggang ngayon, aktibong namamahagi ng komunyon sa mga parishioners tuwing may misa at nagdadala ng komunyon sa maysakit sa ating parokya. Noong January 2011, nahirang siyang Vicariate Coordinator ng Social Services & Development Ministry (SSDM) ni Fr. Joven Antique at itinalaga sa gawaing pang Ecology. Execom member din siya sa Caritas Pasig.

Bukod pa sa pagiging Property Custodian sa San Guillermo Parish, hangad din ni Bro. Boy na makatulong at magsilbi sa ating less-fortunate na mga kapatid sa pamamagitan ng kanyang aktibong pagtugon sa mga tungkulin ng mga samahan tulad ng BEC/Kawan, pagtataguyod ng 5 scholars ng San Guillermo Parish thru Caritas, medical/dental missions, blood-letting, feeding programs sa mga malnourished children, at pagkakaroon ng livelihood programs sa ating parokya at diocese. Siya rin ay masiglang kasapi ng Couples for Christ bilang “solo servant of the Lord”. -/sundan sa pahina 4

# PARISH EVENTS






Isinagawa noong ika – 17 ng Agosto 2014, ang Dental Mission "TURO MO, BUNOT KO" sa formation center ng ating parokya. Maraming parokyano ang nabigyan ng libreng serbisyo, libreng bunot. Salamat sa proyektong ito ng parokya sa pangunguna ng SSDM, sa pamumuno ni Bro. Boy Bato at mga kasama, gayundin sa mga dentista sa pangunguna nina Doctor Fern at Doktora Thea Pasion at mga kasama na nagsagawa ng serbisyo….

Maraming salamat po!





## MODELONG LAYKO

August 21, 2014…Ginanap ang ika - 11 taong Anibersaryo ng Diyosesis ng Pasig sa Immaculate Concepcion Cathedral. Ito ay pinangunahan ng Banal na Misa, sa pamumuno ng Lubhang Kagalang-galang Obispo ng Pasig, Most Rev. Mylo Hubert C. Vergara, DD., kasama ang mga kaparian. Sa nasabing Banal na Misa, isinagawa din ang pagkakaloob ng mga sertipiko sa mga napiling Modelong Layko ng bawat parokya sa buong Diyosesis ng Pasig. Ito ay bilang kabahagi ng pagdiriwang ng Taon ng mga Layko.

Sa ating parokya ng San Guillermo, binabati at ipinagmamakapuri nating lahat si Sis. Elizabeth Mallari Rafael , kilala sa tawag nating "Ka Betty o Sis. Betty" ang Modelong Layko ng San Guillermo Parish

## QUICK LESSONS FROM THE CATECHISM: THE TRANSFIGURATION

WHAT IS THE TRANSFIGURATION? - The feast of the Transfiguration of Christ celebrates the revelation of Christ's divine glory on Mount Tabor in Galilee (Matthew 17:1-6; Mark 9:1-8; Luke 9:28-36). After revealing to His disciples that He would be put to death in Jerusalem (Matthew 16:21), Christ, along with Ss. Peter, James, and John, went up the mountain. There, Saint Matthew writes, "he was transfigured before them. And his face did shine as the sun: and his garments became white as snow."

WHY DID THE TRANSFIGURATION TAKE PLACE? - The Catechism explains it this way: **Christ's Transfiguration aims at strengthening the apostles' faith in anticipation of his Passion**: the ascent onto the 'high mountain' prepares for the ascent to Calvary. Christ, Head of the Church, manifests what his Body contains and radiates in the sacraments: 'the hope of glory' [CCC 568].

WHAT CAN WE LEARN FROM THIS EVENT?

The Transfiguration was a special event in which God allowed certain apostles to have a privileged spiritual experience that was meant to strengthen their faith for the challenges they would later endure. But it was only a temporary event. It was not meant to be permanent.

In the same way, at certain times in this life, God may give certain members of the faithful (*not* all of the faithful, all the time), special experiences of his grace that strengthen their faith.

We should welcome these experiences for the graces they are, but we should not expect them to continue indefinitely, nor should we be afraid or resentful when they cease.

They may have been meant only as momentary glimpses of the joy of heaven to sustain us as we face the challenges of this life, to help strengthen us on the road that will--ultimately--bring us into the infinite and endless joy of heaven.

## "LIKE" KO LAYKO LIKE KO SANTO

## ST. JOHN MARY VIANNEY

Inihanda ni: Katelan Teope

Si St. John Mary Vianney ay pinanganak noong May 8, 1786 sa nayon ng Dardilly, France. Natanggap niya ang kanyang unang Komunyon nung siya ay 13 taon gulang ng palihim dahil ang simbahan ay inuusig noong mga panahon na iyon.

Naging mahirap ang pinagdaan niya sa kanyang pag-aaral lalo na ang pag-aaral ng Latin. Siya ay natanggal sa seminaryo sa Lyons, natanggap muli, ngunit bumagsak pagkaulit sa kanyang mga examinations. Pagkatapos ng 11 taong pag-aaral, siya ay naging matiyaga, madasalin at sa awa at grasya ng Diyos inordenahang pari sa edad na 29. Marami ang tumutol na mga katoliko sa kanilang lugar dahil kilala siya na mahina sa klase lalo na sa Latin kaya sila ay nagpetisyon na siya ay tanggalin.

Pero sa kabila ng pagtutol, nakitaan siya nang may busilak na kalooban at naging isang modelo ng kabutihan. Siya ay naordenahan bilang isang ganap na pari noong taong 1812. Taong 1818, itinalaga siya bilang pastor ng Ars. Binisita niya ang kanyang mga parishioners lalo na ang mga mahihirap at maysakit.

Kilala si St. John Mary Vianney na isang mahusay na kumpesor. Regular siyang nagbibigay ng kumpisal sa mga tao ng mahigit 14 hanggang 18 na oras. Magaling siya magbigay ng "spiritual counsel" sa pamamagitan ng kumpisal kaya kahit na mga pari, mga obispo ay dumadayo pa sa Ars upang makapagkumpisal sa kanya. Ang kanyang buhay ay punong-puno ng pagkakawang-gawa at pagmamahal. Dito pinangalanan siyang Cure of Ars, dahil kahit ang higit na makasalanan ay kanyang natutulungang magbago dahil sa kanyang mga payong ispiritwal.

Siya ay nanilbihan bilang Kura Paroko sa Ars sa loob ng 41 na taon. Dito na din siya binawian ng buhay noong August 4, 1859 sa edad na 73.

Pagkatapos ng kanyang kamatayan, patuloy ang mga tao sa pagdarasal sa kanya, at maraming mga himala at sagot sa kanilang mga panalangin sa pamamagitan at tulong ni St. John Mary Vianney. Ang kanyang di-naagnas na katawan at nakalagak sa marble altar sa Ars, France.

Taong 2010, ideneklarang taon ng mga Pari ni Pope Benedict XVI kasabay ang anunsyo na si St. John Mary Vianney ay Patron ng mga Kaparian kasabay ng ika-150 anibersaryo ng kanyang kamatayan. Ipinagdiriwang ang kanyang kapistahan tuwing ika-4 ng Agosto.

**I WAS HEALED** /pg.1

Hindi isang patak, kundi napaiyak talaga. Parang naramdaman ko na si Jesus ang humawak sa kamay ko. Hindi ko ma-explain yong feeling. Nakakapagpanibago yong experience. Parang ibinigay ko lahat sa kanya lahat ng sakit sa buhay ko noong moment na 'yon. Sabi nga niya, "Don't worry," just like what Jesus said to us.

***Worrying has never solved a problem, never paid a bill, never cured an illness. Worrying is like racing a car engine in neutral mode and it doesn't get us anywhere, it only uses up gas! Let's stop worrying. All we need is a prayer and a heart full of faith... Be happy.***

Catechism—Sources:
1. http://www.ncregister.com/blog/jimmy-akin/10-things-you-need-to-know-about-jesus-transfiguration#ixzz3DTTm0juH
2. http://www.vatican.va/archive/ccc_css/archive/catechism/p122a3p3.htm
3. http://tomperna.org/2014/08/06/quick-lessons-from-the-catechism-the-transfiguration-of-jesus-christ/

# YOUTH CORNER

## TAIZE – by Ann Jillian Sanchez



Small vigil candles flickering, seemingly enough to fill the place in total darkness with the light that it needs, a peace-filled way of praise and worship was held last Saturday, August 23 at San Guillermo Parish Church that started at 7:30 in the evening. The San Guillermo Youth Council invited children, teenagers and young adults from the various youth organizations from the parish to gather and meditate with silent prayers and sing songs of praise called Taize. Taize is an hour-long meditative candle-lit service that lets the youth be surrounded by music, prayer and silence to quiet their minds, open their hearts and feed their souls...a time of silence in the presence of God.

This special prayer service was originated in Taize, France during the 1940's when a protestant pastor in Switzerland - Roger Louis Schutz-Marsauche, also known as Brother Roger - founded a small ecumenical Christian community to help care for children in need after World War II. The popularity of the community began to draw youth from all over the world. The benefits of this type of prayer can be different with each and every one of us. It can be a sense of peace, enlightenment, healing or to strenghten our relationship with God.

Through Taize, the attendees with Rev. Fr. Joeffrey Brian Catuiran reached out to God and celebrated their faith. A few of them also shared their experiences on how they encountered Him in their lives which made their bond with Him even stronger.

The Parish Youth Ministry hopes that more young people from the different ministries and organizations of the parish will have the chance to experience this joy and love of the Lord through this activity during its next schedule.

Everybody left the church with a heart that may still have a heavy baggage but with more faith -a faith like the vigil candles – flickering, seemingly enough to fill the place in total darkness with the light that their hearts need.

**PERSONALITY/pg.2** Kinamulatan ni Bro. Boy ang araw-araw na pagdarasal ng santo rosaryo at pagsimba tuwing Linggo kasama ang kanyang mga magulang at anim na mga kapatid. Ipinanganak sa Bayambang, Pangasinan noong November 29, 1951, ang pamilya nila ay namalagi sa Bagong Ilog, Pasig City dahil sa hanap-buhay ng kanilang mga magulang. Sa parokya ng Sta. Rosa de Lima nagsimulang nahubog ang buhay espiritwal niya at bata pa ay kasapi na siya ng Legion of Mary. Siya din ay naging Choir member na nagkaroon ng pagkakataong umawit sa lingguhang misa sa Channel 13 noong 1969, at naging sacristan ni Rev. Fr. Danilo Pascual taong 1980. Mayroon siyang isang kapatid, ang kanyang Ate Betty, na naging madre sa loob ng 20 taon, pero lumabas ng siya ay 50 taong gulang na. Ang kanyang Ate Betty ay nagturo sa New Zealand at ngayon ay retirado na rin, katulad niya.

May dalawang mahalagang karanasan sa buhay si Bro. Boy: una, noong maliit pa siya ay nagpakita sa kanya ang Poong Nazareno na ayon sa paniniwala niya ito ay dahil sa kanyang mga nagawang kasalanan at ang pangalawa ay ang kanyang paboritong Immaculate Conception (mayroon siyang personal na debosyon dito) at ito ay nagpakita ng kanyang violet na korona.

Tatlo ang anak nina Bro Boy at ang kanyang pumanaw ng asawa na si Lydia Vasquez: Si Gary Ringo na isang call center employee, Geraldine na isang Information Technology staff, at si Gicelle, na cook sa Moshi Koshi restaurant. Umabot siya ng 2nd year college (mechanical engineering) sa Manuel L. Quezon University bilang isang working student na napilitang huminto ng pag-aaral dahil sa Martial Law. Mula 1988 hanggang sa mag-retiro noong 2008, siya ay Assistant Band Drier Operator sa Ovaltine Philippines.

Kahit punung-puno sa mga gawain ang kanyang araw, hindi nawawalan ng panahon si Bro. Boy na magdasal, magrosaryo, magbasa ng biblia, at ang ritual na pagdarasal ng paglalakbay ng Krus ng Sierra Madre.

Kilala rin siya bilang "santong tao" dahil sa kanyang pag-aanyong San Guillermo tuwing kapistahan sa ating parokya. Siya ay isang larawan ng angkop at maligayang paglilingkod sa ating Panginoon at sa Kanyang simbahan. Sana ay dumami pa ang mga mananampalatayang katulad ni Bro. Boy!




**July 10**
**JIVAL VERGARA**
**&**
**Aug. 31**
**NERISSA VERGARA**

## Think Safety Today, Be Alive Tomorrow - by Kyrie Lababo

Gaya ng pag-ibig, sa di inaasahang panahon at lugar, ito ay maaaring masaksihan o datnan. Lahat ay maaaring biktima, ngunit madalas ay kabataan. Subalit nagkakamali ka! Hindi ito pag-ibig. Ito'y dapat iwasan, dapat wakasan!

Pasok dito ang paggamit ng pwersa sa pagkuha ng gamit na hindi kanila. Biktima nito'y kadalasang mga kabataang halos ibroadcast na sa whole wide world ang kanilang mga modernong gadgets sa walang humpay sa pagpindot sa mga ito. Pasok din ang iba't ibang uri ng sekswal na pagsalakay kabilang na ang pambabastos o panggagahasa na ang kadalasang biktima ay mga kababaihang halos ipakita na ang buong katawan sa kanilang kapirasong tela na kasuotan.

Maaaring mahirap ito wakasan, ngunit kayang-kaya natin itong iwasan. "**Be calm, but alert**". Maging alerto at magpamasid. Sundin ang 'instinct' kung may kakakaibang nararamdaman sa paligid, ngunit maging kalmado. "**Be relaxed, but ready**". Sa pagiging kalmado, tiyaking handa pa din. Mabuting makinig sa mga payo ng mga taong mas nakakakaalam ng lugar na ating pinupuntahan. "**Be smooth but sharp**". Siguraduhin nating tayo'y matalino sa pag-iingat ng ating mga gamit pati na rin sa ating isusuot na mga damit. Choose non-provokative clothes lalo na sa mga babae, upang maiwasang mabastos. "**Be humble, but confident**". Kapag kaligtasan o buhay na natin ang nakabuwis, maaaring huwag nalang tayong manlaban. Tandaan, walang imposible sa ating Panginoon. Tunay ngang ang kanyang pangalan ay tunay na makapangyarihan. Kahit saan tayo magpunta, hinding hindi niya tayo papabayaan. Kaya ito pa din ang walang kupas na armas na dapat ay parating baon ninuman.

# HEALTH WATCH

## EBOLA

Ikaw ba ay nilalagnat, sinasaktan ng lalamunan, ulo at kasu-kasuan? O kaya naman ay labis na nanghihina, nagsusuka at nagtatae? Baka naman, mata mo'y laging namumula, katawan mo'y nagpapasa o pantal at ilong, bibig, mata at tenga mo'y nagdudugo? Agad ng magtungo sa pinakamalapit na ospital dahil ito ay ang mga sanhi ng Ebola Virus Disease o Ebola Hemorrhagic Fever. Ang ebola virus ay sanhi ng nakakahawa at nakamamatay na sakit sa tao at mga hayop tulad ng gorilla. Ito ay sadyang nakakabahala dahil ito ay lumalaganap na sa iba't ibang bansa. Nakakapanglumo man isipin, ngunit walang gamot o bakuna para sa nasabing sakit. Ngunit, ito ay maaaring iwasan sa pamamagitan ng pag-iwas sa paghawak sa pasyente ng hindi gumagamit ng gloves at face mask, at ang pinakaimportante ay ang parating paghugas ng mga kamay gamit ang tubig at sabon. Laging tandaan, ang ating katawan ay ang templo ng ating Panginoon, kaya dapat natin itong alagaan.

San Guillermo Parish NEEDS YOUR HELP. . .
To Rebuild Our Parish Church
...To lessen vehicular and pedestrian noise during Mass
...To improve ventilation inside the Church
...To allow better access to vehicle-riding parishioners during Services through the provision of ample parking spaces
*and for a lot more reasons to bring more people to HIS Fold.*
We can only realize these dreams and desires with your kind and generous sharing and donations!
999 plus YOU
We shall be glad to present this project's details at your convenience.
Please call 642-8051 (Sis Bing or Sis Jhona),
or send your message to 0928-2101701 (Bro Ronnie)
God Bless Your Generous Hearts!